Taon XXXVIII Blg. 23 Disyembre 7, 2007 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Pag-ibayuhin ang pagtatanggol sa karapatang-tao

ay espesyal na kabuluhan ang paggunita ngayong taon ng Pandaigdigang Araw ng Karapatang-tao dahil sa dami ng mga tagumpay na natamo ng mamamayan sa pagtatanggol sa kanilang karapatang-tao sa harap ng tuluy-tuloy at walang habas na pasistang karahasan at panunupil ng rehimeng US-Arroyo.

Ang mga tagumpay na ito ay bunga ng matatag na pagkakaisa ng mamamayan at militanteng paglaban sa pasismo at panunupil. Sa loob at labas ng bansa, umaalingawngaw ang sigaw ng pagtuligsa sa rehimeng US-Arroyo. Ang nagkakaisang paglaban ng iba't ibang sektor, organisasyon, institusyon at mga personahe ay

epektibong pananggalang laban sa kampanya ng pamamaslang, pagdukot at iba pang pasistang pandarahas at panunupil sa mamamayan.

Tampok sa mga nakamit na tagumpay ang paghatol ng Permanent People's Tribunal (PPT) noong Marso sa rehimeng US-Arroyo sa malawakan at sistematikong paglabag sa mga karapatang sibil at pulitikal, sa mga karapatang sosyo-ekonomiko-kultural at sa soberanya at kasarinlan ng mamamayang Pilipino. Ang pagsasakdal at paglilitis, na isinagawa sa syudad ng The Hague sa The Netherlands, ay bunga ng inisyatiba ng mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao, mga patriyotiko, demokratiko at progresibong organisasyon, institusyon at personahe. Nabigyan dito ng pagkakataon ang mga biktima at saksi na ilantad at

patunayan sa isang internasyunal na hukuman ang mga karahasan ng rehimeng US-Arroyo at mga armadong pwersa nito.

Tagumpay din ang paglabas ng ulat ni United Nations Commission on Human Rights (UNCHR) Special Rapporteur Philip Alston kaugnay sa mga kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa mga aktibista, mga mamamahayag, mga magsasaka at mamamayang Moro. Sa kanyang pinal na ulat na inilabas nitong Nobyembre, mariing binatikos ni Alston ang kontra-rebolusyonaryong patakaran ng rehimen—sa partikular ang Oplan Bantay Laya I at II—na tinukoy niyang nasa likod ng mga pamamaslang at pasistang karahasan



Mga tampok sa isyung ito...

Konsultant ng NDFP, dinukot ng militar PAHINA 5

Alternatibo sa huwad na repormang agraryo PAHINA 8 Kalagayan at hamon sa mga proletaryong rebolusyonaryo

PAHINA 10

ng militar mula pa noong 2001.

Binatikos din ni Alston ang baligtad na sistema ng hustisya sa ilalim ng rehimeng Arroyo, kung saan ang inaalimura at inuusig ay ang mga biktima, sa halip na ang mga pumapaslang sa kanila. Tinukoy niya sa partikular ang pagbubuo ng Malacañang ng Inter-Agency Legal Advisory Group (IA-LAG) upang magbalangkas ng mga ligal na hakbang laban sa mga progresibong organisasyon at personahe. Ang mga hakbanging ito'v kaakibat ng mga ekstrahudisyal na hakbang na isinasagawa ng mga armadong pwersa ng rehimen.

Sa iba't iba pang bahagi ng daigdig, umani ng kabi-kabilang mga kundenasyon ang mga pamamaslang at iba pang paglabag sa karapatang-tao sa Pilipinas. Kabilang sa mga nagpahayag ng pagtuligsa ang mga pandaigdigang institusyong nagtataguyod sa karapatang-tao, mga manggagawa, mga parlamentarista, mga taong-midya, gayundin ang European Commission at mga senador at kongresista sa US. Tutol sila sa mga paglabag sa karapatang-tao at sa pagkunsinti rito ng mga gubyerno ng kanikanilang mga bansa.

Maging sa ulat na inilabas ng Melo Commission na binuo ni Arroyo ay hindi maiwasang tukuyin ang pangunahing responsibilidad ng AFP at ng mga upisyal nito sa malawakang pamamaslang ng mga aktibista. Bagamat sinikap nitong ilimita ang responsibilidad sa ilang partikular na upisval, hindi naitatwa ng Melo Report na ang mga pamamaslang ay kagagawan ng mga sundalo sa tuwiran o di tuwirang utos ng kanilang mga upisyal.

Tumindig din maging ang Korte Suprema laban sa walang habas na pang-aabuso sa karapatang-tao. Inilabas nito and writ of amparo amparo at writ of habeas data bilang karagdagang instrumentong hudisyal na magagamit ng mga binibiktima ng mga armadong pwersa ng estado. Ang mga ito, kaakibat ng sama-samang pagkilos ng mamamayan, ay nakapagluwal na ng ilang tagumpay. Bukod rito, nanindigan din ang Korte Suprema sa paniq ng mga biktima nang iutos nito ang pagpapalaya kay Rep. Crispin Beltran at ibasura ang gawa-gawang kasong pagpatay na isinampa ng PNP laban kay Rep. Satur Ocampo.

Sa ibayong dagat, naipag-

tagumpay ang pagpapalaya kay Kasamang Jose Ma. Sison at pagbabasura ng mga gawa-gawang kaso laban sa kanya.

Subalit sa kabila ng malalaking taqumpay na mga ito, hindi pa rin makabuluhang nalulutas ang inabot nang tindi at lawak at ang patulov pang pagpapasahol ng rehimeng US-Arroyo sa walang pakundangang pandarahas nito sa mamamayan. Patuloy and rehimen sa panunupil at pandarahas sa mamamayan. Halos isang libo na ang mga biktima ng pamamaslang at ilampung libo na ang biktima ng iba pang mga pang-aabusong militar.

Lumalala ang kalupitan ng rehimeng Arroyo sa desperasyon nitong sugpuin ang lahat ng pagtutol sa patuloy nitong paghahari lagpas sa 2010. Asahang lalo pang pasasahulin ng naghaharing rehimen ang pasismo at terorismo laban sa mamamayan sa mga susunod na buwan at taon. Iba't ibang pakana ang inihahanda ng rehimen upang maipataw ang tahasang paghaharing pasista at mapatagal pa ang kapangyarihan nito.

Dapat ibayong patatagin ng mamamayang Pilipino ang kanilang tapang at paigtingin ang kanilang pakikibaka upang biguin ang mga ito at tuluyang wakasan na ang rehimeng US-Arroyo.

Sa kalagayang nakapamamavagpag pa at lalong nagiging malupit and bulok na papet at reaksyunaryong rehimen, dapat pag-ibayuhin ang pagkakaisa at paglaban ng lahat ng mga pwersang antipasista at ang buong sambayanan.

Gamitin ang lahat ng posibleng paraan ng mabilis at malawakang paglalantad at paglaban sa mga kaso ng pang-aabusong militar at iba pang karahasan ng estado. Itayo ang mga organisasyon, komite at grupong tagapangalaga sa karapatang-tao sa lahat ng sulok ng bansa—sa bawat baryo, sityo, pu-

## Taon XXXVIII Blg. 23 Disyembre 7, 2007

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matataqpuan sa:

www.philippinerevolution.org Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

#### Nilalaman

| Editoryal                       | 1  |
|---------------------------------|----|
| 16,000 biktima ng paglabag      |    |
| sa karapatang-tao               | 3  |
| 200,000 batang biktima          | 3  |
| 3,000 lumikas sa Surigao        | 4  |
| NDFP consultant, dinukot        | 5  |
| Mga paglabag sa Quezon, Panay   |    |
| at Cebu                         | 5  |
| Dalawang anti-Arroyong protesta | 6  |
| Panukalang batas sa langis      | 7  |
| Alternatibo sa huwad na CARP    | 8  |
| Magsasakang Bukidnon            | 9  |
| Hamon sa proletaryong           |    |
| rebolusyonaryo                  | 10 |
| Balita                          | 12 |

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



#### rok at kalsada. Ayusin at palakasin ang sistema para sa mabilis na paq-uulat mula sa antas baryo tungo sa mga pambansang organisasyon ng mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao at masmidya, at paghingi ng tulong ng mga maaasahang abugado, taong simbahan at iba pa.

Bigyan din ng espesyal na atensyon and maadap na pag-uulat sa Joint Monitoring Committee na may tungkuling sumubaybay sa implementasyon ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) at tumanggap ng mga ulat sa mga paglabag sa mga probisyon ng kasunduan.

Patuloy na maglunsad ng malawakang mga pagkilos ng mamamayan at iba pang anyo ng protesta at pagkilos upang ilantad ang mga kaso ng mga paglabag sa karapatang-tao. Epektibong pagkumbinahin ang pagdaraos ng mga martsa at rali, pagsasalita sa mga istasyon ng radyo at telebisyon, paglulunsad ng mga fact finding mission, paqduloq sa mqa korte at paghingi ng nauukol na mga writ o ibang makatutulong na instrumentong hudisval, pagpapatulong sa mga progresibong kinatawan at mapagdudulugang komite sa lehislatura, pakikipagugnayan at pag-uulat sa mga pandaigdigang institusyong nangangalaga sa karapattang-tao at iba pa.

Padagundungin ang mga pagkilos at protestang ito sa buong bayan at sa daigdig. Ang pakikibaka laban sa pasistang karahasan ng naghaharing rehimen ay kritikal na bahagi ng pangkalahatang pagsisikap na labanan ang rehimeng US-Arroyo. Pinupukaw nito ang mamamayan sa pangangailangang wakasan na ang bulok at brutal na reaksyunaryo at papet na paghahari ni Arroyo.

## Mahigit 16,000 biktima ng paglabag sa karapatang-tao, naitala ng Karapatan

mabot sa 330 insidente ng paglabag sa karapatang-tao na bumiktima sa 16,307 katao ang naitala ng Karapatan ngayong ta-

Kabilang dito ang 68 biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang; 35 biktima ng iba pang uri ng pampulitikang pagpatay; 26 na biktima ng pagdukot na nawawala pa rin; walong biktima ng pagdukot na nataqpuan o pinakawalan; 29 na biktima ng tortyur; 129 biktima ng iligal na pang-aaresto; 116 biktima ng iligal na detensyon; 330 biktima ng pagbabanta, harasment at pananakot; 7,542 biktima ng sapilitang pagpapabakwit at 3,600 biktima ng hamletting.

lang; ang desisyon ng Senado ng US na iangkla ang dagdag na ayudang militar sa pagtalima ng qubyernong Arroyo sa rekomendasyon ni Alston na resolbahin ang problema ng mga pampulitikang pamamaslang at parusahan ang mga salarin; at ang husga ng Permanent People's Tribunal na ang mga rehimeng Arroyo at rehimeng Bush ay kapwa nagkasala sa malawakan at sistematikong paglabag sa karapatang-tao, pandarambong sa ekonomya at paglapastangan sa soberanya ng mamamayang Pili-Iginigiit ng Karapatan ang pagbibitiw ni Gloria Ar-

yang nagsisilbing balangkas ng

mga ekstrahudisyal na pamamas-

Anang Karapatan, mas mababa ang kasalukuyang bilang ng 68 biktima ng ekstrahudipamamaslang kumpara sa 209 biktima noong 2006 dahil sa matinding presyur sa rehimeng Arroyo mula sa internasyunal na komunidad. Tinukoy nito ang pinal na ulat ni Special Rapporteur Philip Alston inilabas nitong Nobyembre 🎚

27 na nag-

ang istrate-

hiyang "counter-insur-

gency" ng rehimeng Arroyo ang si-

sasaad

royo kaalinsabay ng panawagan sa mga dayuhang gubyerno na itiqil na ang lahat ng ayudang militar nila sa Pilipinas.

Bago ito, noong Nobyembre 18 ay nanawagan ang World Council of Churches (WCC) sa rehimeng Arroyo na itigil na ang mga paglabag karapatangtao sa Pilipinas.

Ipinahayaq ito nq WCC nanq bumisita sa Pilipinas si Rev. Dr. Samuel Kobia, pangkalahatang kalihim nito, para makipagkita sa mga pamilya ng mga biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang, mga kinatawan ng National Council of Churches in the Philippines at mga pangulo ng myembro at di myembrong mga simbahan ng WCC.

Masugid na sinusuportahan ng WCC ang mga pagkilos at pagbubunyag laban sa mga paglabag sa karapatang-tao sa Pilipinas. Sinamahan si Rev. Dr. Kobia nina Justice Sophia Adinyira ng Anglican Church of the Province of West Africa; Rev. Dr. Sandy Yule, national secretary ng Christian Unity, Uniting Church of Australia; at Dr. Mathews George Chunakara, WCC program executive para sa Asia.

## Mahigit 200,000 bata, biktima ng karahasang estado

Umabot sa 215,233 bata ang naging biktima ng iba't ibang uri ng paglabag sa karapatangtao mula 2001 hanggang Hulyo 2006.

Sa isang pag-aaral, sinabi ng Children's Rehabilitation Center (CRC) na ang naturang mga bata ay nabiktima sa mahigit 800 kaso ng paglabag sa karapatang-tao. Limampu't walo sa kanila ang namatay at 58 rin ang pinagtangkaang patayin. Sampu ang dinukot at hindi pa natatagpuan. Apatnapu ang nabalda at 17 ang dumanas ng iba't ibang uri ng tortyur. Umabot din sa 215,060

bata ang napabilang sa mga napilitang magbakwit dahil sa matitinding operasyong militar.

Iniulat din ng CRC na limang bata ang biktima ng sexual harassment ng mga sundalo at tatlo ang ginahasa ng mga sundalo. Limampu't isa ang biktima ng iligal na panghahalughog, 63 ang biktima ng koersyon, 69 ang iligal na inaresto at ikinulong, 40 ang binugbog at 196 ang pinagbantaan at tinakot. Umabot din sa 106 na bata sa panahong nabanggit ang naulila at nakasaksi sa pagpatay ng militar sa kanilang mga magulang o kamag-anak.

### 3,000 lumikas sa Surigao

maabot na sa halos 3,000 magsasaka ang lumikas mula sa 12 komunidad ng Surigao del Sur habang nagpapatuloy ang mga operasyong militar ng mga pwersa ng Eastern Mindanao Command laban sa Bagong Hukbong Bayan.

Ayon sa Karapatan-Surigao del Sur Chapter, aabutan na ng Pasko ang mga bakwit sa mga sentro ng ebakwasyon dahil sa mga operasyong militar sa mga bayan ng Lianga, San Agustin, San Miguel, Cagwait at Tago na nagsimula noon pang huling bahagi ng Oktubre.

Nauna rito, tinakot at pinagbantaan na ng militar ang mga Manobong nakatira sa 12 barangay sa mga bayan ng Lianga at San Agustin. Bunsod ito ng mga reklamo nila sa pagdami ng mga pwersang militar mula nang pumasok ang mga kumpanyang nagmimina ng mga depositong ginto, tanso at

karbon sa Andap Valley.

Ibinunyag ng mga Manobo ang pagkakampo ng mahigit 500 sundalo mula sa 58th IB sa liblib na mga barangay ng Lianga at San Agustin. Inokupa ng mga sundalo ang mga tahanan at paaralan ng komunidad. Dahil sa takot ay napilitang magbakwit ang mga residente mula noong Nobyembre 1 at pumunta sa mga sentrong bayan.

Dumating ang mga sundalo sa mga barangay ng Simowao at Emeral, Lianga noong huling bahagi ng Oktubre na at may dalang mga kanyon. Ininteroga at inilista nila ang mga pangalan ng mga mag-aaral na nasa 7 hanggang 10-taong gulang at inutusang magsumbong kung may makikita silang mga pwersa ng BHB sa lugar. Nagtayo rin sila ng mga tsekpoynt kung saan lahat ng dumadaan ay nirerekisa, inililista ang pangalan at numero ng *cellphone*, hinahanapan ng

ID at iba pa.

Pinagbawalan din ang mga residente na lumabas sa kani-kanilang mga barangay. Pitong paaralang panliterasi ng mga lumad at isang high school sa barangay ang napilitang magsara. Tinatayang 500 mag-aaral sa elementarya at 177 sa hayskul kasama ang 27 guro ang apektado sa operasyon.

Noong Nobyembre 11, inaresto ng militar si Ritchie Enot, 19, taga-Upper Oregon, San Isidro, Lianga habang kumukuha ng yantok sa kagubatan. Pinilit ng militar na magsilbing giya si Enot at pinakawalan lamang siya matapos ang 16 na araw.

Minamanmanan ng militar ang mga kilos at gawaing pangkabuhayan ng mga residente. Pinagbawalan silang pumunta sa kani-kanilang mga bukirin at dahil dito'y may mga pamilyang isang beses na lamang kumakain sa isang araw. ME



### Konsultant ng NDFP, dinukot ng militar

inukot noong Nobyembre 28 ng mga elemento ng 5th ID si Elizabeth Principe, 56, konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), matapos siya magpatsek-ap sa Quezon City.

Ayon sa kanyang salaysay, piniringan siya, pinosasan at sa loob ng 72 oras ay tuluy-tuloy na pinaringgan ng ingay. Ininteroga siya ng Intelligence Service Group sa himpilan ng Philippine Army sa Fort Bonifacio at pinagkaitan ng karapatang kumonsulta sa abugado.

Bukod sa iba pang kaso laban sa kanya, katawa-tawa ngayon siyang iniuugnay ng militar sa pagkilos na ginawa nina Sen. Antonio Trillanes at Gen. Danilo Lim noong Nobyembre 29 sa Makati City.

Binatikos ng NDFP ang pagkakadukot kay Principe at iginiit ang kanyang agarang paglaya. Anito, bilang konsultant ng NDFP, saklaw si Principe ng Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG), isang kasunduan ng gubyerno at ng NDFP na nagbibiqay-proteksyon laban sa paq-aresto at surbeylans nq mga negosyador, konsultant at istap na sangkot sa usapang pangkapayapaan.

Nagsampa na rin resolusyon sa Kongreso sina Rep. Satur Ocampo at Rep. Teddy Casiño para palayain si Principe bilang kagandahang-loob. Anila, hahawanin nito ang daan sa muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas.

Ani Principe, bagamat tutol and militar, napilitan ang AFP na ilitaw siya noong Disyembre 1 para mailihis ang atensyon ng publiko sa lumalawak na panawagang magbitiw na si Gloria Arroyo. Aniya, ito ang dahilan kung bakit siya lamang sa 52 kataong inakusahan ng rebelyon ng Department of Justice ang inilitaw.

Si Principe ang pinakahuli sa mga konsultant ng NDFP na dinukot ng mga berdugo ng rehimeng US-Arroyo.

Bago ito, dinukot din noong Pebrero sa Cagayan de Oro City ang kanyang asawa na si Leo Velasco, kagawad ng Komite Sentral ng PKP at konsultant din ng NDFP. Dinukot naman noong 2006 ang iba pang konsultant na sina Prudencio Calubid at Rogelio Calubad kasama ng ilan nilang istap at iba pang mga sibilyan. ΑB

### Mga paglabag sa Quezon, Panay at Cebu

sang mamamahayag ang minan-**L**manan, isang *regional coordina*tor ng Bayan Muna ang tinangkang dukutin at 10 magsasaka at isang sanggol ang iligal na inaresto sa hiwa-hiwalay na mga kaso ng pang-aabusong militar sa Quezon, Panav at Cebu mula ikatlong linggo ng Nobyembre hanggang unang linggo ng Disyembre.

Disvembre 3. Minanmanan ng mga pinaghihinalaang elemento ng militar si Cri- 🏍 selda Cabangon, 24, ma- 1 mamahayaq nq *Anq Diaryo Natin*, isang pahayagan sa Quezon. Si Cabangon, na myembro rin ng militanteng National Union of Journalists of the Philippines,

av dating lider estudyante sa Enverga University sa Lucena City. Ayon sa mga kapitbahay ni Cabangon, ipinagtatanong daw ng mga di kilalang lalaki ang kinaroroonan niya.

Nobyembre 26. Tinangkang dukutin o patayin ng limang berdunakamotorsiklo si Hope Hervilla, regional coordinator ng Bayan Muna sa Panay. Ayon kay Hervilla, napansin ng kanyang pamilya bago pa mag-alas-7 ng uma-

> ga ang mga lalaking umaaligid sa kanilang bahay sa Barangay Dungon A, Jaro District, Iloilo City. Sumilip pa ang isang lalaki na animo'y kinukumpirma kung sinu-sino ang nasa loob. Nakaalis lamang ng bahay si Hervilla

bandang alas-9 ng umaga matapos magpadala ng mga armadong eskort ang mga lokal na upisyal.

**Nobyembre 18.** Sampung magsasaka at isang siyam na buwang gulang na sanggol ang inaresto ng mga elemento ng 78th IB at PNP sa Tuburan, Cebu. Ang mga inarestong magsasaka ay pawang taga-Barangay Marmol, Tuburan, Cebu at mga myembro ng Nagkahiusang Mag-uuma sa Marmol, isa sa mga kaanib na organisasyon ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas. Sila ay sina Jocelyn Arias; Florencia Mojado; mag-asawang Arsenio at Anastacia Pasumala; mag-asawang Abello at Lolita Arias; maq-asawang Tomas at Elizabeth Mainit; at mag-asawang Ceasar at Avelina Balibad at kanilang sanggol na anak na si Rose. Inakusahan sila ng pagnanakaw nang anihin nila ang sarili nilang mga tanim matapos magreklamo ang panginoong maylupang umaangkin sa kanilang mga sakahan. ΑB

### Dalawang protesta laban kay Arroyo

agkakasunod ang mga kilos protestang inilunsad laban sa rehimeng Arroyo noong huling mga araw ng Nobyembre.

Ginulantang nina Sen. Antonio Trillanes, Brig. Gen. Danilo Lim at mga patriyotikong sundalo ang rehimen at ang publiko nang bigla nilang iwan ang pagdinig ng kanilang kaso sa Makati Regional Trial Court noong Nobyembre 29. Kasama ang kanilang mga sundalong gwardya, nagmartsa sila tungo sa Manila Peninsula, isa sa mga mamaha-

ling hotel sa Makati City. Dinamayan sila nina Vice President Teofisto Guingona, Bishop Emeritus Antonio Labayen at iba pa hanggang magapi sila ng mga sundalo at pulis ni Arroyo. Apat na sundalong kabilang sa grupong "Magdalo" ang nakatakas.

Sa pamamagitan ng pagkilos na ito nila Trillanes, ibinudyong nila ang kanilang galit at pagkamuhi sa kabulukan at brutalidad ng rehimen sa pambansa at internasyunal na saklaw. Napatampok nila ang walang kapaguran at matatag na pakikibaka ng mga patriyotikong upisyal at iba pang sundalo laban sa rehimen at sa AFP mismo. Umatras man sila, hindi ito ang katapusan ng kanilang laban, ayon kay Lim.

Ipinamukha rin nila kay Arroyo ang krisis sa pulitika na bumabayo ngayon sa kanyang paghahari. Kinundena nila ang paggamit ni Arroyo sa AFP sa mga kampanyang pasista at terorista laban sa lahat ng mga kumakalaban sa kanyang paghahari. Katulad ng ipinahayag ni Lim sa kanilang manipesto, hin-



di nila hahayaang maghari ang isang rehimeng batbat ng korapsyon, pandaraya, panlilinlang at brutalidad.

Ipinamalas ni Arroyo ang kanyang takot sa nagpuprotestang mga sundalo nang iutos nito ang brutal na pagsupil sa protesta. Walang pakundangan ding pinaaresto at idinetine ng pulisya ang 51 myembro ng midya at iba pang sibilyang tagasuporta, kabilang sina Guingona at Labayen. Kinagabihan, nagpataw ito ng limang oras na *curfew* sa Metro Manila, Central Luzon at Southern Tagalog.

Inamin ng pamunuan ng AFP mismo na may naharang silang mga sundalong susuporta sana kina Trillanes. Hindi nito maitatanggi ang lalim ng lamat sa loob ng AFP at ang determinasyon ng mga anti-Arroyong elemento na nasa hanay nito.

Kinabukasan, 5,000 mamamayan ang naglunsad ng kilos protesta sa Liwasang Bonifacio upang gunitain ang kaarawan ni Andres Bonifacio at igiit ang pagpapatalsik kay Arroyo.

Dinaluhan ang pagkilos ng mga

myembro ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN), Kilusang Mayo Uno (KMU), Bayan Muna, Gabriela, Anakpawis, Anakbayan at iba pang alyadong grupo. Mula Liwasang Bonifacio, binalak nilang tumungo sa Mendiola pero hinarang sila ng mga pulis.

Binatikos nila ang paggamit ng pulisya ng dahas laban sa grupo nina Trillanes, mga sibilyang kasama nila at mga mamamahayag. Hiniling nila ang agarang pagpapalaya sa dating bise presidente na nakatakda sanang kasama nila sa rali noong araw na iyon. Binatikos din nila ang arbitraryong pagpapataw ng *curfew*, iligal na pagtatayo ng mga tsekpoynt at panghuhuli ng mga sibilyang inabutan nito.

Nagkaroon din ng katulad na pagkilos sa ibang bahagi ng bansa. Sa Davao City, pinamunuan ng KMU-Southern Mindanao Chapter ang kilos protestang dinaluhan ng 4,000 manggagawa at aktibistang mula sa mga prubinsya ng Davao del Sur, Davao del Norte, Davao Oriental at Compostela Valley. Dalawang grupo ang naglunsad ng

rali sa Bacolod City sa Negros Occidental. Naglunsad rin ng protesta ang BAYAN sa Iloilo City kasama ang sektor ng simbahan.

Sa isang pahayag, sinabi ni Jose Ma. Sison, tagapangulo ng International League of Peoples' Struggles, na hindi maikakaila na marami pa ang kailangang gawin ng lahat upang mailunsad ang mga dambuhalang pagkilos laban sa rehimen. Hindi maaaring asahan na lamang ang pagbulwak ng daanlibong mamamayan sa lansangan sa simpleng panawagan. Kapag umabot na sa minimum na 100,000 ang mga protesta, saka lamang maaaring asahan ang pag-atras ng militar at pulis ng kanilang suporta kay Arrovo.

Hindi maaaring basta na lamang kopyahin ang mga tagumpay ng mga aklasang bayan noong 1986 at 2001, ayon kay Sison. Isang kaibhan sa mga nagdaang sitwasyon ang kahandaan ni Arroyo na gumamit ng pinakamarahas na hakbang upang supilin ang mga dambuhalang pagkilos ng mamamayan.

Anu't anupaman, hindi kailanman maaaring pigilin ng rehimen ang mga protesta at biguin and pag-aalsa ng milyun-milyong mamamayan. Habang tumatagal sa poder si Arroyo, lalong dumarami ang kanyang mga krimen laban sa mamamayan, mga kaso ng korapsyon, pandaraya at iba pa. Lalo rin nitong itinutulak ang malawak na sektor ng mamamayan, kabilang ang mga patrivotikong sundalo, na maglunsad ng mas koordinado, mas malalaki at mas mapagpasyang mga aksyong protesta.

## Mga panukalang batas laban sa pagtaas ng presyo ng langis

atlong panukalang batas ang inihain ng mga kinatawan ng Bayan Muna, Gabriela at Anakpawis sa Kongreso para hadlangan ang tuluy-tuloy na pagtaas ng presyo ng langis. Sumusunod ang naturang mga panukala:

- House Bill 3029 na nagbabalik ng regulasyon ng gubyerno sa industriya ng langis;
- House Bill 3030 na nagtatakda ng sentralisadong importasyon ng petrolyo;
- House Bill 3031 na muling nagsasabansa sa Petron Corporation.

Ipinahayag ng mga progresibong kongresista na pawawalang-bisa ng HB 3029 ang Oil Deregulation Law na nagpapahintulot sa mga kumpanya ng langis na basta na lamang magtaas ng presyo ng langis. Itinatakda naman ng HB 3030 ang sentralisadong pagbili ng gubyerno ng mga produktong langis kung saan pinakamababa ang presyo. Ang HB 3031 ay nagtatakdang bawiin ng gubyerno ang kalakhan ng sapi sa Petron na isinapribado alinsunod sa deregulasyon ng industriya ng langis.

Anila, ang tatlong panukalang batas ay mga kongkretong hakbang na makatwirang humaharap sa problema ng papataas na presyo ng langis sa bansa. Inihain nila ito sa harap ng serye ng mga pagtaas ng presyo ng langis bago magtapos ang 2007 at pagpasok ng 2008. Partikular nilang tinukoy ang mga pahayag ng mga kumpanya ng langis at ni Gloria Arroyo na tataas nang P4 ang presyo ng bawat litro ng mga produktong petrolyo bago mag-Pasko.

Nanawagan ang mga progresibong kongresista sa mga mamimili at iba't ibang sektor na suportahan ang mga panukalang batas na magpapagaan sa epekto ng sumisirit na presyo ng langis. Anila, pinababayaan ng rehimeng Arroyo ang mamamayang walang kalaban-laban sa nagtataasang presyo. Sa pagsasabing hindi umano mahahadlangan ng gubyerno ang pagtaas ng presyo, ipinapakita nito ang pagpanig sa mga monopolyong kumpanya ng langis at kawalang kapasyahang lutasin ang krisis sa enerhiya na kinakaharap ng bansa, dagdag ng mga progresibong kongresista.

Sa kaugnay na balita, sinimulan ng mga samahan ng mga drayber at opereytor ang serye ng mga kilos protesta laban sa Oil Deregulation Law, pag-alis sa Expanded Value Added Tax (EVAT) sa mga produkto ng langis at iba pang isyu.

Sa Maynila, nagmartsa patungong Malacañang noong hapon ng Nobyembre 25 ang 500 drayber na kasapi ng Pinag-isang Samahan ng mga Tsupter at Opereytor Nationwide (PISTON). Nang harangin sila ng mga pulis bago ang Tulay ng Mendiola, nagdaos sila ng isang oras na programa sa Morayta.

Mga "piling welga" naman ang inilunsad ng mga kaanib ng PISTON sa ilang lugar sa Batangas at Laguna sa Southern Tagalog habang isang caravan mula sa Mandaue City patungong Cebu City ang inilunsad ng mga kasapi ng Nagkahiusang Drivers sa Sugbo (NADSU). Nagkaroon din ng mga pagkilos sa Bacolod City sa Negros at sa Davao City sa Southern Mindanao. Paghahanda ang lahat ng ito sa isasagawang koordinadong pambansang protesta ng mga drayber ngayong Disyembre.

## Alternatibo sa huwad na programa sa repormang agraryo

Takasalang sa Mababang Kapulungan ng Kongreso ang isang panukalang batas para sa repormang agraryo na inihapag upang ipalit sa Comprehensive Agrarian Reform Program na nakatakdang magtapos sa Hunyo 2008. Inihapag ito ng mga kinatawan ng Anakpawis, Bayan Muna at Gabriela Women's Party noong Nobyembre.

Kumpara sa huwad, inutil at anti-magsasakang CARP, ang "Genuine Agrarian Reform Act of 2007" ay progresibo kung hindi man radikal sa mga layunin, sakop at saklaw, takdang panahon, mga prayoridad at pamamaraan ng libreng pamamahagi ng mga lupa. Samantalang halos magkandakuba sa pagbabayad ng amortisasyon ang mga magsasakang naging benepisyaryo ng CARP, walang bayad namang ipamamahagi ang lupa sa mga magsasakang walang lupa sa ilalim ng panukalang batas.

Sa loob ng dalawampung taon, hindi nalutas ng CARP ang suliranin ng mga magsasaka sa kawalan ng lupa. Sa halip, higit pa nitong pinatindi ang monopolyo sa lupa ng mga panginoong maylupa, mga burgesya kumprador at mga dayuhang agribisnes. Katunayan, mismong ang Department of Agrarian

ISULONG ANG TUNAY

NA REPOCHMA

Reform ay umaamin na 26% ng lahat ng "benepisyaryo" ng CARP ay napilitang magbenta uli ng lupang naigawad na umano sa kanila. Umaabot pa ito sa 41% sa Nueva Ecija, 53% sa Laguna at 35% sa Iloilo. Nitong huli ay lalo pang ibinukas ng rehimeng US-Arroyo ang bansa sa mga dayuhang korporasyong agribisnes.

Walang pinag-iba ang CARP sa mga nakaraang batas at programa sa reporma sa lupa, kabilang ang Land Reform Code ng rehimeng US-Macapagal at ang PD 27 ng diktadurang US-Marcos. Bukod sa Hacienda Luisita sa Tarlac, kabilang din sa mga tampok na nagpakita ng kahungkagan ng CARP ang karanasan sa Hacienda Looc sa Batangas at sa Sumilao sa Bukidnon. (Tingnan ang kaugnay na artikulo.)

Kaya saksi ang bayan nitong nakaraang mga taon sa malawakan, sustenido, militante at determinadong pagkilos at paglaban ng mga magsasaka para sa tunay na repor-

> ma sa lupa at sa paglalantad at pagbasura sa CARP. Sa mga bukirin, lansangan at iba pa dapat mulatin, organisahin at pakilusin ang pinakamalawak na hanay ng ma-

mamayan at kunin ang kanilang

suporta para sa alternatibong panukalang batas para sa tunay na repormang agraryo.

Inaasahang magmamaniobra ang mga panginoong maylupa at reaksyunaryo para hindi ito maipasa sa Kongreso. Gayunpaman, maipararating sa malawak na mamamayan ang suliranin sa lupa, kahirapan, paghihikahos at kagutuman sa kanayunan. Kaalinsabay nito, mailalantad lalo ang malubhang kapabayaan at kawalang-kakayahan ng rehimeng US-Arroyo na lutasin ang suliranin ng mga magsasaka, ang reaksyunaryong katangian ng Kongreso at ang pangangailangan ng puspusang pagkilos para sa tunay na reporma sa lupa at matupad ang mga sumusunod:

- > Pagbuwag ng monopolyo sa lupa at pagpapatupad ng libreng pamamahagi ng lupa at pag-alis ng lahat ng mga porma ng pang-aalipin at pagsasamantala sa kanayunan:
- > Pagtransporma ng mga magsasakang benepisyaryo bilang mga mahusay na tagalikha ng pagkain ng bansa sa pamamagitan ng lahatang-panig na programang nagbibigay ng mga suportang serbisyo;
- > Pagpapataas ng kita at antas ng kabuhayan nila sa pamamagitan ng mga kooperatiba at iba pang anyo ng pagpapalitan ng lakas-paggawa o pagtutulungan sa produksyon;
- > Pagtatatag ng mga pamamaraan at mga hakbanging magtitiyak na hindi mawawala ang lupa ng mga magsasakang benepisyaryo at pipigil sa panunumbalik ng monopolyo sa lupa; at
- > Lubusang pagpapaunlad ng sektor pang-agrikultura at paglalatag ng pundasyon para sa pambansang industriyalisasyon.

## Laban ng mga magsasakang taga-Sumilao, Bukidnon

Sumusunod ay kasaysayan ng mga magsasakang taga-Sumilao, Bukidnon na malaon nang lumalaban para sa kanilang lupa. Ang kasaysayan nila ay isa sa matitingkad na patunay ng kainutilan ng CARP na resolbahin ang malawakang kawalan ng lupa at ang hungkag na pangakong hatid nito sa masang magsasaka.

umating na sa Kamaynilaan ang mga magsasakang Higaonon na dalawang buwang naglakad nang 1,700 kilometro mula sa Sumilao, Bukidnon para igiit ang kanilang karapatan sa 144 ektaryang lupang bahagi ng kanilang lupang ninuno at ipatigil ang pagpapalit-gamit nito. Ang lupaing ipinaglalaban nila ay nagpasalinsalin ng may-ari mula nang agawin ito sa kanila noong dekada 1930. Pagsapit ng dekada 1970, si Norberto Quisumbing ang siya nang umangkin sa lupa. Gumawa si Quisumbing ng pekeng titulong Espanyol para palabasing mula pa noong panahon ng kolonyalismong Espanyol ay kanya na ang lupa.

Sa ilalim ng CARP noong 1995, ang naturang lupain ay itinakdang ipamahagi sa 137 magsasakang Higaonon na kabilang sa organisasyong Mapadayonong Panaghiusa sa mga Lumad Alang sa Damlag (MAPALAD). Ginawaran sila ng kolektibong Certificate of Land Ownership Award (CLOA) na nagpaasang mababawi na nila ang kanilang lupang ninuno matapos ang

mahigit kalahating siglo.

Ngunit nilakad ni Quisumbing sa Department of Agrarian Reform (DAR) ang kumbersyon ng lupa tungo sa agro-industriyal na gamit para umiwas sa CARP. Kinasabwat din niya ang lokal na gubyerno ng Sumilao at ng prubinsya para magpasa ng resolusyong nagpapatibay sa pagpapalit-gamit ng lupa.

Ibinasura ng DAR ang aplikasyon ni Quisumbing dahil labag sa CARP ang kumbersyon ng primera klaseng lupang agrikultural. Ngunit nang umapela siya sa Office of the President noong 1996, binaligtad ng Malacañang ang desisyon ng DAR at inaprubahan ang kumbersyon ng lupa. Pinawalang-saysay ang CLOA ng mga magsasakang Higaonon.

Ang desisyon ng Malacañang ay nagtulak sa desperadong mga magsasaka na mag-hunger strike noong 1997 na umani ng suporta mula sa iba't ibang sektor at mga upisyal ng gubyerno. Napresyur ang gubyernong Ramos noon na igawad sa mga magsasaka ang 100 ektarya at kay Quisumbing naman ang 44 ek-

tarya. Subalit kinatigan ng Korte Suprema ang apela ni Quisumbing at natalo ang mga magsasaka dahil sa isang teknikalidad.

Ngayo'y nadagdagan pa ang mga nagnanais umagaw sa lupa dahil ibinenta ito ni Quisumbing noong 2002 sa San Miguel Foods, Inc. (SMFI) ni Eduardo "Danding" Cojuangco, isang mahigpit na alyado ng rehimeng Arroyo. Balak ng San Miguel na magtayo ng babuyan sa naturang lupa.

Iginigiit ngayon ng mga magsasaka na pawalambisa ang bentahan at ibalik ang lupa. Umani sila ng suporta mula sa sektor ng simbahan at iba pang organisasyong magsasaka, kabilang ang Kilusang Magbubukid ng Pilipinas.

Walang katiyakan kung ano ang kahihinatnan ng kasalukuyang laban ng mga magsasaka ng Sumilao. Ngayon pa lamang ay nangangamba na silang bibiguin ni DAR Secretary Nasser Pangandaman. Nang magkaharapan sila nitong Disyembre 6 ay hiningan lamang sila at SMFI ng kani-kanilang pusisyon hinggil sa usapin sa halip na atasan niya agad ang kumpanya na itiqil anq paq-angkin nito sa lupa. Dahil dito ay plano ng mga magsasaka na magmartsa ngayong Disyembre 7 sa Malacañanq.

Hangga't walang umiiral na programa para sa tunay na reporma sa lupa, patuloy na mapagkakaitan ng katarungan ang mga magsasakang taga-Sumilao at ilampung milyong tulad nila.



## Ang kalagayan at hamon sa mga proletaryong rebolusyonaryo

inunita noong Nobyembre ng mga rebolusyonaryo, mga Marxista-Leninistang partido at mga organisasyon ng manggagawa sa iba't ibang panig ng mundo ang Rebolusyong Oktubre, ang unang matagumpay na sosyalistang rebolusyon sa kasaysayan.

Sa pamumuno ni Kasamang Vladimir Lenin at ng partido komunista, itinatag noong Nobyembre 7, 1917\* sa Russia ang kaunaunahang proletaryong diktadura na nanguna sa pagtatatag ng sosyalistang kaayusan. Sa loob ng halos limang dekada, binagtas ng mamamayan ng Russia (kalauna'y Soviet Union na sumaklaw sa iba pang bansang sumailalim sa sosyalistang rebolusyon) ang landas ng walang kaparis

na pagsulong.

Ang kaaway. Nagtagumpay ang Rebolusyong Oktubre sa harap ng paglitaw ng impervalismo mula noong bungad ng 1900. Ihinudyat nito ang makasaysayang pakikibaka ng proletaryado laban sa imperyalismo—ang pinakamataas at pinakahuling yuqto ng kapitalismo. Sa pagtatagumpay ng proletaryo sa Russia, winasak nila ang isang malaking kawing ng pandaigdigang sistemang impervalista. Hinawan nito ang daan sa paglulunsad ng mga bagong demokratiko at sosyalistang rebolusyon sa iba't ibang panig ng daigdig.

Sa kabila ng pagkakagapi dito noong 1956 ng mga rebisyunistang taksil na na-

nguna sa pagpapanumbalik

\*Tinatawag itong Rebolusyong Oktubre dahil batay sa kalendaryong Julian na gamit noon sa Russia, noong Oktubre 25 bumagsak ang kuta ng reaksyunaryong gubyerno. ng burgesya sa Soviet Union, nananatili ang malalim na kabuluhan ng Rebolusyong Oktubre. Matapos ang mahigit isang siglo, lalong nagiging parasitiko at mabangis ang imperyalismo sa bawat yugto ng panibagong pangkalahatang krisis na kinasasadlakan ng pandaigdigang sistemang kapitalista.


Sa ilalim ng imperyalismo, lalong bumibilis ang konsentrasyon at sentralisasyon ng yaman ng mundo sa kamay ng iilang kapangyarihang imperyalista habang lumalawak ang paghihirap at pagkabusabos ng nakararaming bansa at mamamayan ng daigdig. Pangunahing saligang kontradiksyon sa daigdig yaong nasa pagitan ng mga imperyalistang kapangyarihan at ng mamamayan ng nakararaming naghihirap at inaaping malakolonyal at malapyudal na bansa. Ang mamamayan sa mga bansang malakolonyal at malapyudal ang dumaranas ng pinakamatinding kaapihan. Sila ang pi-

nakadeterminadong wakasan ang imperyalistang pagsasamantala sa pamamagitan ng paglulunsad ng digmang bayan.

Tumitindi rin ang kontradiksyon sa pagitan ng naghaharing monopolyong burgesya at uring manggagawa sa mga imperyalistang bayan. Kinatatampukan ito ng pagsambu-

lat ng mga protesta at pagaalsa ng mga manggagawa at maralita sa US, France, Germany at iba pang bansa sa Europe. Nitong mga nagdaang taon, tampok din ang paglakas ng mga paglaban ng mga migranteng

manggagawa.



Umiigting din ang tunggalian sa hanay ng mga imperyalistang kapangyarihan. Pinag-aagawan ng mga imperyalista ang mga atrasado at mahihirap na bansa para magsilbing pagkukunan ng mga hilaw na materyales at murang paggawa, tambakan ng mga sobrang produkto at lagakan ng puhunan.

Sumisidhi ang kontradiksyong ito sa paglulunsad ng imperyalismong US ng "gera laban sa terorismo" na ginagamit nitong pangunahing sangkalan sa pagpapataw ng kapangyarihan at impluwensya nito sa iba't ibang panig ng mundo. Nitong nakaraang mga taon ay nakatuon ang pansin ng US sa Pilipinas, Iraq, Afghanistan at Colombia at panghihimasok sa maraming iba pang atrasadong bansa.

Digmang bayan sa iba't ibang bansa. Ipinakita ng Rebolusyong Oktubre ang katumpakan ng paglulunsad ng armadong pakikibaka upang wasakin ang estado ng burgesya.

Sa Russia noon at sa iba pang industriyalisadong kapitalistang bayan, mabilisang armadong pagaalsa sa panahon ng rebolusyonaryong agos ang estratehikong paraan ng pagbabagsak at pagpapalit ng naghaharing estado. Sa ka-

bilang banda, sa Pilipinas at iba panq atrasado, agraryo at di-industrivalisadong bayan kung saan ang kalakhan ng mamamayan mga magsasaka sa malawak na kanayunan, matagalang digmang bayan ang estratehikong linya maipaqwaqi para ang mga rebolusyon ng bayan. Malinaw itong ipinakita ng Rebolusyon

sa China noong 1949.

Ang mga bansang ito ay maituturing na pinakamahihinang kawing ng imperyalismo kung saan maaaring mabilis na sumulong at magtagumpay ang mga rebolusyonaryong pakikibaka. Napatunayan ito sa maraming pagkakataon sa iba't ibang bansa sa nakaraan. Muli at ibayo pa itong mapatutunayan sa hinaharap.

Sa Asia, tampok ang mga digmang bayan sa pamumuno ng mga partido komunistang Marxista-Leninista-Maoista sa Pilipinas at India. Sa mga bansang ito, ang rebolusyonaryong kilusan ay tuluytuloy na umaani ng maraming tagumpay sa armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatayo ng rebolusyonaryong base.

Umabot na sa bingit ng tagumpay ang malawak na digmang bayan sa Nepal nang bumagsak ang pyudal na paghaharing Gyanendra at masimulan na ang pagtatayo ng isang demokratikong republika kasama ang Communist Party of Nepal (Maoist). Sumasailalim sa prosesong parlamentaryo ang CPN-M kasama ang ilang demokratikong uri habang naghahanda sa muling paglulunsad ng armadong pakikibaka kapag nabigo ang paglulubos ng demokratikong proseso.

Sa Indonesia, sinisimulan na ang paglulunsad ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka, makaraan ang mahabang panahon mula nang magapi ang partido komunista at rebolusyonaryong kilusan doon dahil sa kawalan ng armadong sangkap.

Samantala, patuloy na iginigiit ng North Korea ang kasarinlan at ang anti-imperyalista at sosyalistang tindig nito. Patuloy din ang pakikidigma ng mamamayan sa Afghanistan laban sa gerang agresyong inilulunsad ng US at United Kingdom.

Sa Latin America, patuloy na naglulunsad ng armadong pakikiba-ka sa Colombia sa pamumuno ng Fuerzas Armadas Revolucionarias de Colombia (FARC). Matatag namang naninindigan laban sa mga banta ng imperyalismo at para sa pagsandig-sa-sarili ang Cuba. Matatag ding pinaninindigan ang kasarinlan, lumalaban sa imperyalismo at may isinasagawang mga repormang makamamamayan ang Venezuela sa pamumuno ni Hugo Chavez.

Sa Middle East, patuloy sa pakikibaka ang mamamayang Palestino laban sa paghahari at panunupil ng Israel. Pinamumunuan ng Kurdistan Workers Party ang armadong pakikibaka sa Turkey para sa independyenteng estado ng mga Kurd.

Lumalakas naman ang armadong pakikibaka ng mga patriyotikong pwersang gerilya sa Iraq laban sa gerang agresyon ng US sa kanilang bansa.

Ang malaking hamon laban sa rebisyunismo. Sa Soviet Union at sa iba pang dating sosyalistang bansa, napangibabawan ng mga rebisyunista ang tunay na mga proletaryong rebolusyonaryo at pinanumbalik ang kapitalismo. Umusbong ang mga ito mula sa mga upisyal ng partido at gubyerno na nahiwalay sa masa, tumangging magpanibagong-hubog, nalu-

long sa mga pribilehiyo ng kapangyarihan at naging mga burukrata kapitalista.

Tinalikuran nila ang makauring paninindigan at pakikitunggali. Binitiwan nila ang diwa at mga aral ng Rebolusyong Oktubre at ang mga turo ni Lenin hinggil sa paglaban sa imperyalismo, klasikong rebisyunismo at reaksyon, sa estado at rebolusyon, at sa tuluy-tuloy na pagsasakatuparan ng sosyalistang rebolusyon, sosyalistang konstruksyon at rebolusyon sa kultura.

Malaki ang hamon para sa lahat ng mga proletaryong rebolusyonaryong pwersa ang puspusang pakikitunggali sa modernong rebisyunismo at pakikibaka para sa sosyalismo at komunismo. Dapat mahalaw ang mga aral ng Rebolusyong Oktubre, kapwa sa mga nakamit na tagumpay at mga naging pagkakamali at pagpapabaya.

Dapat muling pagtibayin at mahiqpit na panghawakan ang rebolusyonaryong teorya at tamang praktika para patuloy na maisulong ang proletaryong rebolusyon at muling pagwawagi ng sosvalismo. Kailangan ito upang tuparin ang makasaysayang tungkulin ng pagsusulong ng dalawang-yugtong proletaryong rebolusyon sa kani-kanilang bayan. Kailangan din ito upang panatilihin ang sosyalismo at diktadura ng proletaryado laban sa anumang pagtatangka ng modernong rebisyunismo at impervalismo na papanghinain at gapiin ito.

Dapat ding pabulaanan ang maitim na propaganda ng mga imperyalista at reaksyunaryo na patay na ang sosyalismo matapos malansag ng mga rebisyunista ang Soviet Union at iba pang dating naitayong sosyalistang estado at sistema.



#### Pagpapabaya ng rehimeng Arroyo kay Ranario, kinundena

MARIING kinundena ng pamilya, mga kaibigan at ng Migrante International ang gubyernong Arroyo sa pagpapabaya sa kaso ni Marilou Ranario na nahatulang bitayin sa Kuwait. Si Ranario ay isang gurong pumunta sa Kuwait noong 2003 para magtrabaho bilang domestic helper o katulong. Nakasuhan siya ng pagpatay sa kanyang amo noong Enero 2005. Sa pagdinig sa kaso, nalamang laging sinasaktan ng among babae si Ranario, na posibleng dahilan ng pagpatay niya rito. Inaprubahan ng pinakamataas na korte ng Kuwait ang sentensya nitong Nobyembre 27 at siya ay nakatakda nang bitayin.

Nakasalalay ngayon ang buhay ni Ranario sa kamay ng pangulo ng Kuwait, si Sheikh Sabah Al-Ahmad Al-Jaber, na siya lamang may otoridad na magpatawad sa kanya kung mababayaran ng danyos ang pamilya ng namatay. Ayon sa Migrante, kulang na kulang sa pag-asikaso ang gubyerno sa kaso ni Ranario sa kabila ng internasyunal na presyur na tulungang palayain ito. Tumagal din ang pag-aksyon ng gubyerno sa kaso kahit pa agarang ipinaalam ito ng Migrante. Ipinaabot din ng Migrante na si Ranario ay may sakit, wala sa tamang pag-iisip, laging tulala at hindi makausap nang matino.

Ayon sa Migrante, 73,000 Pilipino ang nagtatrabaho sa Middle East at umaabot sa 60,000 ang babae na karamihan ay nagtatrabaho bilang katulong at sumusweldo ng abereyds na \$200 bawat buwan.

Sa ngayon ay may 35 Pilipinong nakatakdang bitayin sa iba't ibang bansa.

#### Mga pro-Arroyong kongresista, nagliwaliw sa Spain

UMABOT sa 200 kroni ni Gloria Arroyo at mga pamilya nila ang sumama sa siyam na araw na pagbisita ni Arroyo sa Spain at United Kingdom na nagsimula noong Disyembre 1.

Iskandaloso ang laki ng delegasyon, lalupa't pinaglaanan ng humigit-kumulang US\$9,000 ang 34 kongresista, kabilang ang kanilang mga asawa at iba pang kasama; tatlong senador; 50 alyadong negosyante; ang asawa ni Gloria Arroyo na si Mike; at ang kanilang tatlong anak at apat na apo.

Umabot sa \$5,000 ang halaga ng tiket sa eroplano ng bawat isa. May "hotel allowance" din silang \$500 bawat gabi at may baon na US\$3,000 bawat araw bilang pabuya sa di nila pagsuporta sa pinakahuling kasong *impeachment* laban kay Arroyo.

Binatikos ng oposisyon di lamang ang laki ng ginastos sa pagliliwaliw ng mga alyado ni Arroyo, kundi ang pagsasagawa nito sa kalagitnaan ng sesyon sa Kongreso.

#### 10 pulis, napatay sa ambus sa India

SAMPUNG tropa ng pulis ang napatay sa isang ambus na inilunsad ng mga hukbong gerilyang Maoista noong Nobyembre 29 sa distrito ng Dantewada sa estado ng Chhatisgarh, India. Ilang buwan bago ito, namatay din ang 115 pulis sa pananambang ng hukbong bayan sa distrito ng Dantewada. Ang estado ng Chhatisgarh ay kabilang sa 13 estadong aktibo ang mga Maoistang gerilyang nagtataguyod sa interes ng mga maralitang magsasaka.

Taon XXXVIII Blg. 23 Disyembre 7, 2007 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Pag-ibayuhin ang pagtatanggol sa karapatang-tao

ay espesyal na kabuluhan ang paggunita ngayong taon ng Pandaigdigang Araw ng Karapatang-tao dahil sa dami ng mga tagumpay na natamo ng mamamayan sa pagtatanggol sa kanilang karapatang-tao sa harap ng tuluy-tuloy at walang habas na pasistang karahasan at panunupil ng rehimeng US-Arroyo.

Ang mga tagumpay na ito ay bunga ng matatag na pagkakaisa ng mamamayan at militanteng paglaban sa pasismo at panunupil. Sa loob at labas ng bansa, umaalingawngaw ang sigaw ng pagtuligsa sa rehimeng US-Arroyo. Ang nagkakaisang paglaban ng iba't ibang sektor, organisasyon, institusyon at mga personahe ay

epektibong pananggalang laban sa kampanya ng pamamaslang, pagdukot at iba pang pasistang pandarahas at panunupil sa mamamayan.

Tampok sa mga nakamit na tagumpay ang paghatol ng Permanent People's Tribunal (PPT) noong Marso sa rehimeng US-Arroyo sa malawakan at sistematikong paglabag sa mga karapatang sibil at pulitikal, sa mga karapatang sosyo-ekonomiko-kultural at sa soberanya at kasarinlan ng mamamayang Pilipino. Ang pagsasakdal at paglilitis, na isinagawa sa syudad ng The Hague sa The Netherlands, ay bunga ng inisyatiba ng mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao, mga patriyotiko, demokratiko at progresibong organisasyon, institusyon at personahe. Nabigyan dito ng pagkakataon ang mga biktima at saksi na ilantad at

patunayan sa isang internasyunal na hukuman ang mga karahasan ng rehimeng US-Arroyo at mga armadong pwersa nito.

Tagumpay din ang paglabas ng ulat ni United Nations Commission on Human Rights (UNCHR) Special Rapporteur Philip Alston kaugnay sa mga kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa mga aktibista, mga mamamahayag, mga magsasaka at mamamayang Moro. Sa kanyang pinal na ulat na inilabas nitong Nobyembre, mariing binatikos ni Alston ang kontra-rebolusyonaryong patakaran ng rehimen—sa partikular ang Oplan Bantay Laya I at II—na tinukoy niyang nasa likod ng mga pamamaslang at pasistang karahasan



Mga tampok sa isyung ito...

Konsultant ng NDFP, dinukot ng militar PAHINA 5

Alternatibo sa huwad na repormang agraryo PAHINA 8 Kalagayan at hamon sa mga proletaryong rebolusyonaryo

PAHINA 10

### Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **pahina 13**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2. Pag-print sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click ang Properties
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*